

1

“Whether you like it or not, Naomi, you’ll do as I say!”

Madaling-araw na ngunit parang sirang plakang paulit-ulit pa ring naririnig ni Naomi ang mga salitang iyon na pinagdiinan kagabi ng kanyang amang si Don Teodoro Pascual.

Isang business magnate ang kanyang ama at kinikilalang batas sa kanilang pamamahay ang bawat salitang binibitiwan nito. Alam niyang magagalit ito kapag sumalungat siya. Pero matay man niyang isipin, hinding-hindi niya magagawang sundin ang gusto nito sa pagkakataong iyon.

Bumangon siya mula sa kama. She wiped the tears on her cheeks. Tiyak niya, kailanman ay hindi siya magkakaroon ng kapayapaan habang nananatili siya sa bahay na iyon.

Pagigil niyang kinuha ang isang maletang may katamtamang laki sa ilalim ng kanyang kama. Pagkatapos ay basta na lang siya naglabas ng damit sa closet at pinuno ang maleta. Bagaman hilam sa luha ang mga mata at may kaunting takot sa dibdib, buo na ang kanyang desisyon.

Aalis siya sa bahay na iyon. At walang sinuman ang maaaring makapagpabago ng kanyang pasya. Itutuloy niya ang paglayas kahit pa maging mitsa iyon upang itakwil siya ng kinatatakutang ama.

Napausal si Naomi ng pasasalamat sa Diyos nang makalabas ng kanyang silid. Ang akala kasi niya ay ikinandado na naman iyon ng ama tulad noong nakaraang mga araw.

Dahil sa pagmamadali, ni hindi na siya nakapag-iwan kahit kapisasong note para sa inang si Doña Nieves. Bagaman wala itong magagawa para tulungan siya, alam niyang mag-aalala ang ginang.

Nakahinga siya nang maluwag nang makalabas siya ng gate nang walang anumang alingasngas. Kailangan niyang maglakad dahil hindi niya magagamit ang kotse; nasa kanyang ama ang susi niyon.

Alas dos lang ng umaga ayon sa kanyang wristwatch. Bahagya siyang kinabahan nang walang mamataan kahit isang sasakyan o tao sa daan. Napakadilim ng paligid.

Nagpatuloy siya samabilis na paglakad hanggang sa makalabas ng subdivision. Tulog ang guwardya sa exit kaya hindi nito napansin ang pagdaan niya.

May ilang metro na rin ang nalalakad niya nang mapansin niya ang headlights ng isang kotse mula sa kanyang likuran. Tila sinusundan siya ng sakay niyon. Nanginig ang mga tuhod ni Naomi sa takot. Naisip niya kaagad ang di-mabilang na krimeng nababalita sa diyaryo, radyo at telebisyon. Paano kung masasamang-loob ang nasa sasakyan?

Huminto ang kotse sa mismong tapat niya. Kinabahan siya nang husto. Parang gusto na niyang pagsisihan ang ginawang paglayas at tumakbo pabalik sa bahay nila. Subalit alam niyang huli na para gawin pa iyon.

“Miss, saan ang lakad mo?” tanong ng driver ng kotse. Nakababa ang bintana sa tapat nito at sa tulong ng ilaw sa poste, nahinuha niyang lasing ang lalaki.

Lalong niyang binilisan ang paglalakad. Pero sinabayan lang ng kotse ang paglakad niya.

“Miss, maayos ang tanong ko. Saan ba ang lakad mo?” Sa pagkakataong iyon ay galit na ang tinig ng nasa manibela.

Hindi siya sumagot, bagkus ay binilisan pa lalo ang paglakad. Parang binuhusan ng buhangin ang lalamunan niya sa tindi ng nerbyos na kanyang

nararamdaman.

Tumigil ang kotse. Bumukas ang pinto sa backseat, lumabas ang isa pang lalaki at lumakad palapit sa kanya. Tumakbo na si Naomi. Halos mabingi siya sa lakas ng kabog ng kanyang dibdib. Mabuti na lamang at naka-rubber shoes siya. Alam niyang hindi sapat ang bilis niya, lalo pa at may bitbit siyang maleta. At kung talagang plano ng dalawang lalaki na gawan siya ng masama ay tiyak niyang hindi mahihirapan ang mga ito sa pagtugis sa kanya.

Pinigil niyang mapahiyaw nang halbutin ng lalaki ang buhok niya. Ubod-lakas niyang binalya ng maletang hawak ang katawan nito. Sumadsad ang lalaki sa bangketa. Pumihit siya para tumakbo muli pero sinalubong siya ng nakangising mukha ng lasing nitong kasama. Bago pa siya nakasigaw upang humingi ng saklolo ay malakas na sampal sa mukha ang tinanggap niya mula rito.

Bago pa nakakakilos si Naomi, pinagtulungan siya ng dalawang lalaki na isakay sa nakaparadang kotse. Nanlaban siya; kalmot at tadyak ang ginawa niya sa dalawa kahit parang walang-anuman iyon sa mga ito.

“Mga hayup kayo! Bitiwan n’yo ’ko!” sigaw niya

habang pilit pa ring nagpupumiglas.

“Hey!”

Natigilan ang dalawang lalaki pagkarinig sa tinig na iyon. Nagulat si Naomi nang halos magkasunod na sumadsad ang mga ito sa daan.

Nilingon niya ang dumating. Bahagya siyang nabuhayan ng loob nang makitang hawak sa kuwelyo ng kanyang tagapagtanggol ang lasing na lalaki.

“Tama na, tama na.” Iniharang ng bastos na lalaki ang dalawang braso sa tapat ng mukha nito. “Hindi na mauulit. Maawa ka sa akin...”

Nang bitawan nito ang nakikiusap na lalaki ay nagkukumahog na tumakbo ito pabalik sa sasakyan. Takot na sumunod dito ang kasama nito. Mabilis na lumayo ang mga nagtangka sa kanya.

Binuhat ng lalaki ang kanyang maleta at ipinasok iyon sa sasakyan nito. Sukat doon, natauhan si Naomi.

“T-teka muna, Mister.” She swallowed a lump in her throat. “Saan mo dadalhin ang gamit ko?”

Sa halip na sumagot ay binuksan ng lalaki ang pinto ng passenger seat.

“Sumakay ka na dito, Miss. Ihahatid na kita kung saan ka man papunta,” walang kangiti-ngiting utos nito.

Sa tama ng liwanag ng street light ay kitang-kita ni Naomi ang guwapong mukha ng lalaki. Matangos ang ilong nito at may pagka-tsinito ang mga mata. Tila lalong naningkit ang mga iyon sa pagkakatingin sa kanya.

“Sandali muna,” protesta niya. “Hindi kita kilala. Paano ako makatitiyak na hindi mo katulad ang dalawang iyon?”

Humalukipkip ang lalaki. Kitang-kita ng dalaga ang pagtaas-baba ng dibdib nito dahil sa pagbuntong-hininga. Parang pinipigilan nito ang sarili na lubusang mainis sa kanya.

“Jared San Diego ang pangalan ko. At tinitiyak ko sa ’yong hindi ako katulad ng dalawang iyon. Ngayon, bago pa magbago ang isip ko, sumakay ka na sa kotse ko at ihahatid na kita sa inyo,” mariing utos nito.

Bagaman nanginginig pa ang mga tuhod sanhi ng mga nangyari, pinatapang si Naomi ng pagrerebeldeng muling bumangon sa kanyang dibdib. Naglakas-loob siyang tumakas sa poder

ng ama niya para lang maging sunud-sunuran sa lalaking ito?

Humalukipkip siya at itinaas ang baba.

“Mr. San Diego—”

Hindi na niya naituloy ang susunod pang sasabihin dahil madilim ang mukhang humakbang palapit sa kanya si Jared. Napasinghap siya nang parang walang anumang binuhat siya nito at ang huling namalayan ng dalaga ay nasa loob na siya ng kotse nito.

“Saan ka nakatira?” tanong ni Jared nang makaupo.

Napalunok si Naomi. Gusto niyang magalit at bulyawaw ito sa pagmamando sa kanya. Pero malaki ang utang na loob niya rito. Aaminin niyang hulog ng langit ang biglang pagdating nito kanina. At hindi man niya ito kilala, nararamdaman niya na maaari niya itong pagkatiwalaan.

Naisip niyang sabihin na lamang sa lalaki ang address ng apartment ng kaibigan niyang si Andrea. Doon na lamang siya magpapalipas ng magdamag.

Nang hindi na makatiis sa katahimikan sa loob ng kotse, sinubukan niyang kausapin ang kasama.

“Mr. San... San D-Diego,” alanganing simula niya, “maraming salamat sa pagliligtas mo sa akin.”

Imbis na i-acknowledge ang ginawa niyang pasasalamat ay pagalit pa siyang binalingan nito.

“Ano ba kasi ang pumasok sa kukote mo at naglalamyerda ka sa kalye nang madaling-araw? Hindi mo ba alam na naglipana ang mga tarantado sa mundo pag ganitong oras? Kung hindi kita natiyempuhan, baka kung ano na ang nagawa sa 'yo ng dalawang gagong iyon!”

Kung nagkataong normal ang sitwasyon ay tiyak na sumagot na si Naomi para idepensa ang sarili. Pero dahil alam niyang tama ang sinabi ng lalaki ay pinili na lamang niyang manahimik at tanggapin ang sermon nito.

“Pasalamat ka at ganoon lang ang inabot mo. Kung mga halang ang kaluluwa ng nakatiyempo sa 'yo kanina, palagay mo kaya sisikatan ka pa ng araw?”

Kinilabutan si Naomi sa narinig. Dahil sa matinding sama ng loob sa ama ay hindi na niya naisip ang kapahamakang maaaring dumating sa kanya. Kung hindi pa sa nangyari kanina, hindi pa niya lubos na maiintindihan ang ginawa niyang

katangahan.

At kung hindi dahil kay Jared San Diego, baka nga hindi na siya humihinga ngayon. Dahil sa naisip, napahawak siya sa braso nito.

“Maraming-maraming salamat sa ’yo, Mr. San Diego. Tatanawin kong malaking utang-na-loob ang ginawa mong pagtulong sa akin.”

Hindi ito sumagot. Tiningnan lamang nito ang mga kamay niyang mahigpit na nakakapit sa braso nito.

Napapahiya na agad niyang ibinalik ang mga kamay sa pagkakatiklop sa kanyang kandungan. Ibinaling niya ang atensyon sa dinadaan nila.

“Would you mind telling me your name?” mayamaya ay tanong nito.

Tiningnan niya ang lalaki. Lumingon din ito sa kanya, tila hinihintay ang kanyang sagot. Yumuko siya upang iiwas ang mga mata sa lalaki.

“M-Milagros. Milagros Bautista,” pagsisinungaling niya.

Bahagi iyon ng plano ng dalaga. Magpapakilala siya gamit ang ibang pangalan upang hindi agad matunton ni Don Teodoro ang kinaroroonan niya. May

kakilala siyang taong maaaring makatulong upang maka-secure siya ng mga papeles na magpapatibay ng bagong identity niya. Tiyak niyang hindi biro ang halagang gagastusin at malaking kabawasan iyon sa kanyang savings.

Muli niyang tinapunan ng tingin si Jared. Nakita niya ang ngiting sumilay sa mga labi nito.

“Milagros. Nice name. How do I call you? Mila o Lagring?” tanong nito na agad binuntutan ng mahinang tawa.

Sa halip na mainsulto ay bahagya pa siyang nakonsyensya. Hindi niya gustong magsinungaling sa taong nagligtas sa kanya.

“Bahala ka,” maikling tugon niya.

“Sino ba itong taong pupuntahan natin? Daig mo pa ang komadronang magpapaanak, ah. Ni hindi mo muna mahintay na mag-umaga.”

Mariing napapikit si Naomi. Hindi niya ugali ang magsinungaling. Ngunit kung gusto niyang magtagumpay ang mga binabalak niya, kailangang ngayon pa lamang ay masanay na siya.

“Kapatid ko ang pupuntahan natin. Tumakas ako sa bahay ng amo ko dahil...” Nablangko na ang

utak niya.

Mahabang katahimikan ang dumaan subalit minabuti na lamang ni Naomi na huwag nang dugtungan ang kanyang sinabi. Bahala na si Jared sa gusto nitong isipin.

“Ano ba ang trabahong tinakasan mo? Don’t tell me katulong ka. Hindi ka mukhang katulong sa paningin ko.”

“Hindi ako katulong, nurse ako. Private nurse,” maagap na tugon niya.

Isang bahagi ng sagot na iyon ay totoo. Licensed nurse siya. Hindi pa lang niya napa-practice ang kanyang profession dahil ang gusto ng ama ay negosyo nila ang kanyang asikasuhin. Kasalukuyan siyang sinasanay bilang vice president for operations ng *Pascual Maritime Corporation*, ang shipping company ng kanyang ama.

Tumangu-tango si Jared. Laking pasasalamat niya nang hindi na ito muling nagtanong pa.

Mayamaya ay lumiko na ang kotse sa street ng apartment ng kaibigan niyang si Andrea. Pagkaparada ng sasakyan, mabilis na binuksan ni Naomi ang pinto. Akma sanang lalabas din si Jared upang samahan siya, ngunit mabilis niya itong

sinaway.

“It’s okay. Salamat sa paghahatid.”

“Hihintayin na kitang makapasok sa loob,” anito.

Bitbit ang maleta, tinungo ni Naomi ang gate ng bahay at sunud-sunod na pinindot ang doorbell. Ilang minuto rin siyang naghintay bago may lumabas sa bahay.

Bumukas ang pinto at nakita ni Naomi ang roommate ng kaibigan niyang si Andrea—si Monica.

“Naomi? Ano’ng ginagawa mo dito?” takang tanong ni Monica nang makilala siya.

Mabilis na tinapunan ni Naomi ng tingin ang sasakyan ni Jared sa takot na baka narinig ng lalaki ang pangalang itinawag sa kanya ng babae.

“Huwag kang maingay,” pabulong niyang saway.

“Bakit nga kasi bigla kang napasugod dito nang alanganin?” pabulong ding tanong ni Monica bago tinapunan ng tingin ang kotseng nakaparada. “Sino’ng kasama mo?”

Wala siyang balak magpaliwanag sa ilalim ng maliwanag na buwan... lalung-lalo na kay Monica.

Ayon kay Andrea, numero uno itong tsismosa. Ito raw ang pinagmumulan ng mga tsismis sa kompanyang pinapasukan ng mga ito.

“Nandiyan ba si Andrea?” sa halip ay tanong niya.

“Umuwi sa probinsya nila kagabi. Hindi ba niya nasabi sa 'yo? Emergency daw, eh.”

Nalaglag ang mga balikat niya. Saan siya pupunta ngayon?

“Bakit ba?”

“Wala. Wala naman,” mabilis na sagot ni Naomi. Tinapunan niya ng tingin ang lalaki na kasunod na lumabas ni Monica. Hula niya ay nobyo ito ng babae. “Sige, Monica, salamat na lang. Tatawagan ko na lang si Andrea,” aniya bago mabilis na iniwan ang dalawa.

2

Kahit pagod sa maghaponing gawain sa opisina at gustung-gusto nang mahiga sa sariling kama, sinikap pa rin ni Jared na huwag ipakita kay Milagros ang tunay na nararamdaman. Palapit ito sa kanya at hindi na niya kailangang mag-usisa para malamang bad news ang tinanggap nito mula sa babaeng nakausap.

“What happened?” tanong niya nang sumakay itong muli sa kotse. Parang gusto niya itong yakapin at aluin sa nakikitang pagkadismaya sa mukha nito.

“W-wala si Andrea.” He noticed kung paano gumaralgal ang tinig nito. Tinapunan niya ng tingin ang maleta nito na inilagay ng babae sa backseat.

“Saan daw nagpunta?” Palagay niya ay may karapatan siyang magtanong.

Hindi ito sumagot. Nanatili lamang itong nakayuko.

“Hindi mo ba gustong nagtatanong ako, Milagros?”

Umiling ang babae. Ikinurap-kurap nito ang

mga mata, tila pinipigil ang luha. Hindi nakaligtas sa paningin ni Jared ang mahahaba at malalantik nitong pilikmata.

“Okay, let’s change the question. Saan na kita ihahatid ngayon?” malumanay na tanong niya. Hindi niya gustong dagdagan pa ang bigat na nararamdaman ng pagkaganda-gandang damsel in distress na kasama niya.

Kung hindi lamang niya napigil ang sarili ay tiyak niyang kanina pa niya nakabig ang babae at hinayaan itong umiyak sa dibdib niya.

Hindi pa rin ito sumagot. Sinikap ni Jared na hayaan muna ang babae sa pananahimik nito. Binuhay niya ang makina ng kotse at nag-drive palayo sa lugar na iyon. Hindi pa man sila ganap na nakakalayo nang mapansin niya ang bahagyang pagyugyog ng mga balikat ni Milagros.

Nataranta si Jared. Ipinarada niya ang sasakyan sa sidewalk. Pagkatapos ay iniabot ang sariling panyo sa tahimik na tumatangis na babae.

“Milagros, kapag ganyan ka nang ganyan, mapipilitan akong iuwi ka sa bahay ko,” pabirong babala niya sa babae sa pag-asang baka sakali ay mapangiti niya ito.

Pero lalo lamang nag-iiyak ang babae. Lalo rin siyang nataranta.

Sa tuwina, tila alam ni Jared ang dapat na gawin. Sa tingin ng ibang tao, palagi siyang in-control sa lahat ng sitwasyon, regardless kung gaano iyon ka-out of hand. Ngunit nang mga oras na iyon, hindi niya malaman ang gagawin para mapatahan ang umiiyak na babae.

Sa kawalan ng magawa ay kinabig niya si Milagros at masuyong niyakap upang hagurin ang likod nito. Pagsayad ng kamay niya sa katawan ng babae ay sabay-sabay na tumunog ang warning bells sa utak niya.

Her hair felt soft and silky on his fingers. Parang gusto niyang isubsob ang mukha sa buhok nito upang masamyo iyon nang husto.

Mabuti na lamang at bago tuluyang lumipad ang kanyang katinuan ay inilayo na ni Milagros ang katawan nito sa kanya. Tumigil na rin ito sa pag-iyak.

“So, saan kita ihahatid?” di-makatingin sa babaeng tanong niya.

“M-Mr. San D-Diego...” Ibinaling nito ang

magandang mukha sa kanya.

Biglaang pagsalakayng isang dayuhang emosyon sa puso niya sa simpleng pagtatama ng kanilang mga mata. Minabuti niyang ilipat ang paningin sa kalsada. Hindi niya gusto ang nararamdaman para sa babaeng *napulot* niya.

“Jared’ na lang ang itawag mo sa akin,” aniya.

“Jared, one last favor,” pakiusap nito. Hindi rin ito makatingin sa kanya nang derecho.

“Shoot,” mabilis na sagot niya.

Huminga muna nang malalim ang dalaga bago muling nagsalita. “Ihatid mo na lang ako sa pinakamalapit na motel.”

“Bakit sa motel?” tanong niya.

“Bakit hindi? Doon ako magpapaumaga. Bukas ko na lang susundan si Andrea sa Tarlac.”

Pinaandar niya ang sasakyan at iniliko sa sumunod na kanto at nagtuluy-tuloy sa isang private subdivision.

“Saan tayo pupunta?” takang tanong ng dalaga makalipas ang ilang minuto.

“Relax, hindi kita gagawan ng masama.

Kailangan mo ng lugar na matutuluyan hanggang mag-umaga, hindi ba? Doon ka muna sa bahay ko. Kami lang naman ng anak ko ang nakatira doon, plus mga katulong. Maraming guestrooms at tiyak kong makakapagpahinga ka nang maayos doon. 'Tapos, bukas kahit umagang-umaga, ipapahatid kita sa driver ko sa pupuntahan mo. Tatal, hindi naman kalayuan ang Tarlac."

Natigilan si Naomi. Parang may pumiga sa puso niya nang malamang pamilyado na ang lalaki. "Huwag na lang, Jared. Sobra-sobra na ang atraso ko sa 'yo. Mas mabuti siguro kung..."

"We're here," narinig niyang sabi ng lalaki.

Isang katulong na halatang naistorbo sa pagtulog ang nagbukas ng malaking gate.

"Mayang, samahan mo si Milagros sa guestroom. Ako na ang magpapanhik ng maleta niya," utos ni Jared sa may-katabaang katulong.

Tumango ang babae; sumunod si Naomi rito. Mayamaya lamang ay kasunod na rin nila si Jared sa silid.

"Ma'am, gusto mo ba ng makakain? Ipaghahanda

kita ng mainit na soup. Ay teka, bakit parang namamaga yata ang nguso mo? Pati pisngi mo, nangingitim. Ano ba ang nangyari sa 'yo?" kunot-noong tanong ng katulong.

Mabilis na nakalapit si Jared at sinuri ang kanyang mukha. Nag-init ang mga pisngi ni Naomi nang matanto kung gaano ito kalapit.

"Hell!" mariin nitong sambit, bago bumaling sa kasambahay. "Mayang, kunin mo 'yung first aid kit sa banyo. Dalhin mo agad dito."

"Sino sa dalawang tarantadong 'yon ang may gawa nito?" galit nitong tanong.

Ayaw na niyang pag-usapan pa ang tungkol doon. She tried changing the topic. "Sigurado ka bang okay lang na dito ako mag-stay ngayong gabi? Baka magalit ang asawa mo sa pagpapatuloy mo sa 'kin dito nang hindi niya alam."

"Wala akong asawa," walang kangiti-ngiting sagot nito.

Hindi niya ipinahalata ang pagkagulat at katuwaan sa narinig. He did mention a son, right?

"Wala kang asawa? Paano ka nagkaroon ng anak?"

Nagkibit ito ng balikat. “Hindi ako type pakasalan ng mommy ni Jerry. Pagkapanganak niya’y iniwan niya sa akin ang anak namin. Ang huling balita ko’y nasa US siya at may asawang Amerikano.”

Walang bakas ng bitterness ang tinig nito nang sabihin iyon. Magkahalong relief at lungkot naman ang naramdaman ni Naomi. Lungkot para sa bata na lumaking walang ina. At relief dahil... available pa si Jared?

Bahagya niyang ipinilig ang ulo upang burahin iyon sa isip.

“Kuya Jared, ’eto na ang pinapakuha mo,” ani Mayang mula sa pintuan. Pumasok ito sa silid at inilapag ang first aid kit sa kama.

“Mayang, ikaw na ang bahala kay Milagros.” Tumayo na si Jared. “Maiwan ko na kayo,” anang lalaki.

Sinimulang linisin ng babae ang mga sugat niya habang nagpapaulan ng katakut-takot na mga tanong.

“Ano ba ang nangyari sa ’yo, Milagros? Sino ang walanghiyang gumawa nito sa ’yo? Paano ka nakilala ni Kuya Jared? Bakit ngayon lang kita nakita dito?”

“Ha? Ah...”

“Tagasaan ka ba? Saan ka papunta? Sino’ng kasama mo? Bakit nag-iisa ka lang? May mga kamag-anak ka ba dito sa Maynila?”

Napangiwi si Naomi. Hindi niya malaman kung ano ang dapat sagutin sa mga tanong ni Mayang.

“Tiisin mo muna ang hapdi. Talagang ganyan.” Inakala nitong dahil sa gamot na ipinapahid nito kaya siya napapangiwi. “Ako nga rin n’ung bugbugin ako ng sira-ulong kapitbahay namin noon sa Pandacan, ganyan din ang inabot ko. Mabuti nga ikaw, kahit may mga pasa ka, maganda ka pa rin. Samantalang ako noon ay hindi na halos makilala sa tindi ng bugbog na inabot ko. Addict kasi ang damuhong iyon. Mabuti na nga lang at hindi ako pinatay,” dagdag pa nito. Na-imagine niya ang isang armalite na walang-tigil na pinapaputok. Parang ganoon ang bibig ng kasambahay ni Jared. “Alam mo, Milagros, sa tingin ko, galing ka sa mayamang angkan. Ang puti-puti mo, ang kinis-kinis pa ng balat mo. Saan ka ba talaga nanggaling? Girlfriend ka ba ni Kuya? Kunsabagay, panahon na para mag-asawa siya. Sayang lang ang kaguwapuhan niya kung tatanda siyang binata, di ba? Saka, naghahanap na ng mommy si Jerry. Kawawa naman ’yong bata. Dangan nga lang kasi

at ayaw akong pansinin ni Kuya.” Humagikgik ito na tila kinilig sa sariling ideya. Kung hindi masakit ang mga sugat niya, baka nahawa na siya sa tawang iyon.

Iniligpit nito ang mga ginamit nila. Tila hindi ito humihinga sa pagkukuwento. “Igagawa kita ng mainit na sabaw para gumaan ang pakiramdam mo. Masarap akong magluto ng sopas.”

Despite her situation, napangiti si Naomi. Kahit ngayon pa lamang niya nakilala ang babae ay magaan kaagad ang pakiramdam niya rito. Masaya itong kausap.

Nagpaalam na ito at lumabas ng silid na iyon.

Nang makaramdam ng pamimigat ng talukap ng mga mata ay nahiga siya. Very tempting at appealing sana ang offer ni Mayang na mainit na sabaw. Pero parang hindi na niya iyon mahihintay. Ilang saglit lamang ay nakatulog na nga ang dalaga.

Nang magising si Naomi ay alas nueve na ng umaga. Naroon sa bedside table ang isang mangkok ng malamig na sabaw na iniwan marahil ni Mayang para sa kanya kaninang madaling-araw.

Nakaramdam ng bahagyang guilt ang dalaga. Sayang naman ang effort na ginawa ni Mayang para sa kanya.

Bumangon siya sa kama. Naramdaman niya ang bahagyang pananakit ng leeg. Pati ang mga braso niya ay parang naninigas. Dinama niya ng palad ang kanang pisngi at napangiwi. Dali-dali siyang nagtungo sa banyo at nanalamin.

Nanlumo siya nang makita ang sariling anyo. Putok ang labi niya at nangingitim ang kanyang kanang pisngi. Mabilis siyang naligo at nagbihis. Kailangan na niyang umalis. Ayaw niyang makadagdag-abala pa kay Jared. Tama na ang mga pabor na ginawa nito para sa kanya. Isa pa ay baka madamay pa ito sa gulong kinasasadlakan niya.

Papalabas na siya ng kuwarto nang may kumatok. Binuksan niya ang pinto. Pumasok si Mayang at inaya siyang mag-agahan.

3

Kasalukuyang kumakain si Naomi sa komedor nang pumasok doon ang isang batang lalaki na sa tantya niya ay may anim na taong gulang.

“Good morning, visitor. How do you like the food?” nakangiting tanong ng paslit.

Napangiti si Naomi sa tanong ng bata. Kitangkita niya ang resemblance nito kay Jared. Kapwa wavy ang buhok ng dalawa at nakuha rin ng bata ang fair skin ng ama nito.

“I suppose you’re Jerry. The food is superb!” masayang sagot niya.

“Really? I asked Aling Kikay to serve you fried eggs and bacon for breakfast because those are my favorites,” tuwang-tuwang bida nito. “And you’re right. My name is Jerry. How did you know?”

Umupo ito sa isang silya sa tabi niya at nagniningning ang mga matang tiningnan siya. Ganoong-ganoon ang expression ni Andrea tuwing tinitingnan nito ang poster ng *Hollywood* actor na crush na crush nito.

Goodness! Hindi naman siguro na-lovestruck ang paslit sa battered beauty niya.

“Your dad told me. Have you eaten yet?”

“Tapos na,” malapad ang ngiting sagot nito. Lumabas ang malalalim na biloy nito sa magkabilang pisngi. “What’s your name?”

“Nao—Milagros.” She blinked. Muntik na siyang madulas.

Hindi ito sumagot, sa halip ay parang matandang tumango lang. Hinarap ni Naomi ang pagkain. Nang muli siyang mag-angat ng tingin kay Jerry ay bahagya siyang na-conscious sa pagkakatatig nito sa kanya.

“Aren’t you going to school today?” naisipan niyang itanong. Huli na nang maalala niyang Sabado nang araw na iyon.

“It’s Saturday today. And we don’t go to school on Saturdays.”

Tumangu-tango siya.

“Good morning.” Sabay silang napaligon ng bata. Nakasandal si Jared sa hamba ng pinto. Nakangiti ito at tingin ni Naomi ay lalo itong naging simpatiko. Naka-walking shorts at white

t-shirt lamang ito at mukhang kagagaling lamang sa paliligo.

Mabilis na tumayo si Jerry mula sa silyang kinauupuan. Hinila nito ang kamay ng ama palapit sa kumakaing dalaga.

“Daddy, help me talk with Nao Milagros. I want to ask her questions, but I’m a little shy. Ibubulong ko sa ’yo and then, you ask her for me, puwede?”

“Who told you her name is Nao Milagros?” nakatingin sa kanyang tanong ni Jared sa anak.

Mabilis na uminom ng tubig si Naomi. Pakiramdam niya ay may biglang bumara sa kanyang lalamunan. Gusto niyang maglaho na parang bula sa harap ng mag-ama.

“Nao Milagros ang buo kong pangalan,” di-makatingin kay Jared na sagot niya.

Nakahinga siya nang maluwag nang hindi ito magkomento.

Magkatabi ang mag-ama sa isang panig ng mesa. Kapwa nakaharap ang mga ito sa kanya. Pakiramdam tuloy niya ay nasa loob siya ng isang hukuman at anumang oras ay matinding cross-examination ang gagawin sa kanya.

Nakita niyang bumulong si Jerry sa ama. Ngingiti-ngiti naman si Jared habang nakikinig sa bata. Nanlalamig naman ang palad niya sa sobrang anticipation.

“Go, Dad, ask her!” utos ni Jerry sa ama at siniko pa ito sa tagiliran.

Napakamot sa ulo si Jared bago bumaling sa kanya.

“Do you have a boyfriend, Nao Milagros?”

Nagpalipat-lipat ang tingin ni Naomi sa mag-ama, pagkatapos ay tiningnan niya si Jerry at umiling.

Ngumiti ang bata at muli na namang bumulong sa ama nito.

“How old are you?” tanong ni Jared.

“Twenty-three.”

Again, nagdikit ang mga mukha ng mag-ama. Ilang segundo rin ang lumipas bago muling naghiwalay ang mga ulo ng dalawa. Kitang-kita ni Naomi ang panlalaki ng mga mata ni Jared. Si Jerry naman ay todo ang pagkakangiti.

“Change the question, Jerry. I don’t like that

one!” ani Jared.

“But, Daddy, there’s nothing wrong with the question. Why, is my Daddy the lady-killer suddenly having fears now?” anang bata.

“Anong lady-killer? Sino’ng nagturo sa ’yo niyan?” salubong ang mga kilay na tanong ni Jared sa anak.

Hindi sumagot si Jerry. Nagkibit-balikat lamang ang bata.

Tumayo si Jared. Walang kangiti-ngiti ang mukha nito. Tiyak ni Naomi, nang mga oras na iyon, determinado itong ipaalam sa anak nito kung sino ang dapat masunod sa pamamahay na iyon.

Nang makita niya ang takot sa maamong mukha ng paslit ay binalingan niya si Jared.

“Come on, Mr. Lady-killer. Ask the question,” tudyong niya upang isalba ang bata.

Ngumiti si Jerry. Lumipat ito ng upo sa tabi ng dalaga. Walang nagawa si Jared kundi muling umupo. Pagkuwa’y tinitigan siya nito nang tuwid sa mga mata.

“You asked for it, Milagros. Huwag mo akong sisisihin pagkatapos,” babala nito.

“Okay. I heard you loud and clear. Walang sisihan,” aniya.

Nagkibit-balikat siya. Ano ba naman ang puwedeng itanong ng isang six-year old?

“Do you want to be Jerry’s mother?”

Kitang-kita ni Jared ang nakaawang na bibig ni Jerry habang nakatingala at naghihintay rin sa isasagot ng babaeng kaharap.

Muli ay nakaramdam siya ng matinding awa para sa anak. Matagal na niyang ipinaiintindi rito na mayroon din itong sariling ina tulad ng ibang bata. Kahit hindi rin niya matiyak, sa tuwina ay sinasabi niya ritong mahal siya ng mommy nito at isang araw ay darating ito upang makasama nila. Tila nagsawa na ang anak sa mga pampalubag-loob niya.

Pakiramdam niya nang mga sandaling iyon, lalong lumalalim ang kanyang hinanakit sa babaeng minsang naging bahagi ng buhay niya. Ni minsan ay hindi man lang nagawang tumawag o sumulat ni Vanessa sa kanila. Talaga yatang kinalimutan na nito ang obligasyon kay Jerry.

Binalingan ng dalaga si Jerry. Pagkatapos ay

masuyong ginulo ang buhok ng bata.

“Alam mo, Jerry, I think you are a wonderful boy so any woman would like to become your mother. And I am one of them,” simula ni Milagros na ikinaliwanag ng mukha ng anak niya at ikinabangon ng tuwa sa dibdib niya. “But then,” mayamaya ay dugtong nito, “hindi ako puwedeng magtagal dito. May mga importanteng bagay na kailangan kong asikasuhin.”

“Ano ’yon? Hindi ba kami puwedeng tumulong ng daddy ko sa gagawin mo?” Halata ang pag-asam sa mukha ng bata.

“Jerry, come on, son. Milagros and I are going to talk about it. For now, go outside ang play with your dog,” pigil ang emosyong utos niya sa anak.

Lulugu-lugong tumalima si Jerry. Naaawang sinundan niya ito ng tingin. Nang balingan niya si Milagros ay nakita niya ang namumuong luha sa mga mata nito.

“Matalinong bata si Jerry, don’t worry about him. He’s a survivor, you know,” may bikig ang lalamunang aniya sa dalaga. “Sige, maiwan na kita. Tapusin mo na ang pagkain mo. Pasensya ka na kung naistorbo ka namin. If there is anything you

need, ipatawag mo lang ako kay Mayang. Ready na rin si Romy na ihatid ka sa Tarlac anytime you feel like going.”

Iyon lang at dali-dali na niyang iniwan ang babae. Pumunta siya sa workout room at sumakay sa stationary bike.

God, what’s happening to him? Bakit ba siya nagre-react nang ganito kay Milagros? Pati ang anak niyang hindi basta-basta nagtitiwala sa ibang tao ay madali rin nitong nabighani. *Ano ba ang mayroon ang babaeng iyon?*

At isipin pa lamang niyang malapit na silang magkahiwalay ng landas ay parang hindi na niya matanggap.

Binilisan niya ang pag-pedal sa kagustuhang mawala ang kakatwang damdaming nararamdaman. Subalit hingal-kabayo na siya ay naroon pa rin ang pesteng ngitngit na namamahay sa puso niya.

Isa lamang ang natitiyak niya: ayaw niyang mawala agad si Milagros sa buhay nilang mag-ama. Gusto niyang makilala pa nang lubusan ang dalaga. At eventually ay kumbinsihin itong...

Biglang nagliwanag ang mukha niya. May isang planong nabuo sa isip niya. Bakit nga ba hindi? That

would be for the common good.

Lumabas siya ng gym at bumalik sa komedor. Nasa pinto siya ng dining room nang marinig niyang bumuhos ang malakas na ulan sa labas.

Napangiti si Jared. Mukhang umaayon sa kanya ang pagkakataon. Mapipilitang tumigil sa kanila si Milagros hanggang sa tumila ang ulan.

For the first time in his life, ngayon lamang niya ipinagdasal na sana ay maging bagyo ang ulan. At sana ay maging unpassable lahat ng mga daan papuntang norte. Napangiti siya sa naisip.

Dinatnan niyang nakaharap sa lababo si Milagros. Naghuhugas ito ng pinagkainan. Sumandal siya sa pintuan at malayang pinagmasdan ang likod ng dalaga.

Sleeveless ang suot nitong bestida na above the knee ang haba. Pinatingkad ng bright orange na kulay niyon ang angkin nitong kaputian. Makinis ang mga binti nitong nakalitaw. Pati ang alak-alakan nito ay parang kay sarap halikan. Humuhubog ang malambot na tela sa bilugan nitong balakang. At kahit anong pilit ni Jared na iwaksi sa imahinasyon ang mga bagay-bagay na hindi niya dapat iniisip ay hindi niya magawa.

Bago pa lumala ang sitwasyon ay minabuti niyang pukawin ang atensyon ni Milagros.

“Bakit ikaw ang gumagawa niyan? Saan ba nagpunta si Mayang?”

Biglang pumihit si Milagros. Kitang-kita niya ang bahagyang pagwasiwas ng mahaba nitong buhok. Mataman niyang tinitigan ang profile nito na babaeng-babae tingnan. Pinagsawa niya ang mga mata sa maliit at matangos nitong ilong, sa maputi nitong leeg, sa maumbok na dibdib at sa flat nitong tiyan.

Bigla ang pagsalakay ng init sa kanyang katawan, at iyon ay dahil lamang sa simpleng pagmamasid sa kagandahan ng babae.

“Kakaunti lang naman ’to,” kiming sagot nito.

Now he knew why he was slowly falling for her. Very sweet and innocent itong tingnan. Napansin niyang napangiwi ang dalaga.

“May masakit ba sa iyo?” tanong niya.

Alangan ang ngiti ni Milagros. “Nanlaban ako doon sa dalawang goons kagabi. Natural lang siguro na sumakit ang mga braso ko.”

“Gusto mo ng masahe? Medyo marunong ako.”

Nang hindi ito sumagot ay dali-dali siyang lumapit at hinawakan ang isang braso nito. “Saan ang masakit?”

Muli, hindi sumagot si Milagros. Nakatingin lamang ito sa kanya. Napadako ang paningin ng binata sa bibig nitong bahagyang nakaawang. Her lips were luscious, inviting.

“Paano ’yan? Hindi ka pa puwedeng umalis. Napakalakas ng ulan,” aniya, sa kawalan ng maisip na sasabihin.

Subalit sadya yatang sinusubukan ng pagkakataon ang pagtitimpi niya. Mayamaya lamang ay unti-unting lumapit sa mukha niya ang bibig ni Milagros. Wala siya sa posisyon para tumanggi. At hindi niya gustong tumanggi!

Isang saglit pa ay magkadikit na ang mga labi nila.

Napapikit si Jared. Tila kay tagal na panahon na niyang pinangarap na matikman ang mga labi ni Milagros. She was naïve yet powerful in her own way. And the girl knew how to kiss a man senseless. Tila nawala ang lahat ng natitirang katinuan sa pagkatao niya.

“Daddy!” mayamaya ay tawag ni Jerry mula sa

pintuan.

Mabilis silang naghiwalay ni Milagros. Tumalikod ang dalaga at hinarap ang mga platong kanina pa hinuhugasan. Pumihit siya upang harapin ang anak. Abot-tainga ang pagkakangiti nito.

“Daddy, nag-usap na ba kayo ni Nao Milagros? Pumayag na ba siyang maging mommy ko?”

4

Hiyang-hiya si Naomi sa nangyari. Bakit ba kasi hinayaan niyang humulagpos ang pagtitimpi niya? Ano ba ang magnetong taglay ni Jared at pakiramdam niya ay nabato-balani na siya rito?

And to think that she kissed him! Ni sa panaginip ay hindi niya naisip na kaya niyang gawin iyon. Isa pa, hindi sila lubos na magkakilala o magkaanu-ano ni Jared San Diego para halikan niya ito!

At ang huling bagay na gusto niyang mangyari ay madamay ang mag-ama sa magulong buhay niya. Mahirap kalabanin ang kanyang ama. Rain or shine, kailangang makaalis na siya sa bahay na iyon.

Hinarap niya si Jared. Pinigilan niya ang sariling mapasulyap sa mukha ni Jerry. Alam niyang masasaktan ang bata sa magiging desisyon niya. Ngunit lalo lamang itong masasaktan kung magtatagal pa siya roon.

“Jared, magpapaalam na ako.” Sinikap niyang ngumiti bagaman binabalot ng lungkot ang kanyang puso sa napipintong paghihiwalay nila. Sandaling panahon lamang silang nagkasama ngunit

pakiramdam niya ay nagkaroon na ng malalim na pitak sa puso niya ang lalaki. Kung noon ay hindi siya naniniwala sa love at first sight, ngayon ay tiyak na niyang nagkamali siya. Sigurado siyang minahal na niya si Jared nang unang magtama ang mga mata nila.

“But, Nao, it’s storming!” angal ni Jerry. Gusto niyang tawanan ang exaggerated na paglalarawan nito sa panahon.

“It’s all right, Jerry. Puwede naman kaming bumiyahe kahit umuulan.” Ngumiti rin siya sa bata, pagkatapos ay binalingan niya ang bahagyang natahimik na si Jared.

“I’ll inform Romy,” saad nito.

“Tim, ano’ng ginagawa mo dito?” naguguluhang tanong ni Naomi. Pagbaba galing sa guest room para kunin ang kanyang maleta ay naabutan niya ang lalaki sa living room ng bahay ni Jared. Maingat niyang ibinaba ang maleta sa kanyang tabi.

Nakaupo si Jared sa pang-isahang leather seat at tahimik lamang na nakatingin sa kanya.

Tauhan ng kanyang ama si Timothy Chavez.

Gayunpaman, alam niyang nasa kanya ang loyalty nito. Best friend niya mula pa noong high school ang napangasawa ng lalaki at halos matalik na kaibigan na rin ang turing niya kay Tim.

“Naomi, kailangan mo nang makalayo ngayon din. Nalaman na ng daddy mo ang ginawa mong pagtakas. Ako ang pinapunta niya kay Andrea at nakausap ko si Monica. Would you believe? Natandaan ni Monica ang plate number ng sasakyan ni Jared. Nagkataong kabisado ko din ang plate number na 'yon dahil kaibigan ko si Jared at madalas naming gamitin ang kotse niya kapag lumalakad kami. Problema natin kapag may pinasunod na tauhan ang daddy mo sa apartment ni Andrea.”

Napalunok si Naomi. Muli niyang binalingan si Jared. Kung nakamamatay lamang ang matalim na titig, tiyak na kanina pa siya bumulagta sa pagkakatingin ng lalaki. Tila nasusuklam ito sa kanya.

“Tim, puwede bang mag-usap muna kami ni *Naomi*,” walang kangiti-ngiting sabi ni Jared. Idiniin nito ang pagbigkas sa totoong pangalan niya.

“Paalis na rin ako,” paalam ni Tim.

Pagkalabas nito ay nanghihinang napaupo si

Naomi sa sofa.

“Ngayon ko lang nalaman kung gaano ako kalaking tanga,” umpisa ni Jared. “Thanks to you, Naomi Pascual,” nang-uuyam na dagdag nito.

Pagkatapos ay pinaraan nito ng mapanuring tingin ang buong katawan niya. Ibinaling ng dalaga sa dingding ang paningin upang iwasan ang nakakapasong tingin ng lalaki.

May katuwiran ito para kamuhian siya. Pagkatapos ng ginawa nitong pagtulong, nakuha niya pang magsinungaling dito.

“Come to think of it, hindi ko naisip na posibleng anak ka ni Teodoro Pascual. Hindi mo kamukha ang demonyong iyon,” malakas na sabi nito. “Ang tanging ebidensya na ama mo nga ang matandang iyon ay ang katotohanang pareho kayong sinungaling.”

“J-Jared, puwede ba akong magpaliwanag?” nakuha niyang sabihin. Importante sa kanya na magkalinawan sila ng lalaki.

“Bakit? Sa palagay mo’y maniniwala pa ako sa ’yo? Alam mo ba kung ano ang ginawa ng ama mo sa pamilya ko?”

“Hindi ko alam, Jared. At hindi ko gustong

malaman dahil tiyak kong hindi maganda ang ginawa ng daddy ko sa pamilya mo! Please hear me out, gusto kong malaman mo kung bakit ako nagsinungaling sa 'yo."

Hindi ito sumagot. Sinamantala na lamang ng dalaga ang pananahimik nito.

"You are right. Teodoro Pascual is my father. Pero hindi ko ginustong maging anak niya. Kung puwede nga lang akong mamili ng ama, ginawa ko na."

Nakita niya ang pagtiim-bagang ng lalaki. Hindi niya matiyak kung naniwala ito sa sinabi niya o hindi.

"Bakit nagsinungaling ka sa akin?" tanong nito.

"I'm sorry. Pero kasama talaga sa plano ko na gumamit ng ibang pangalan para hindi ako agad ma-trace ni Daddy. Dahil pag nalaman niya kung nasaan ako, siguradong gagawin niya ang lahat para makasal ako kay Walter De Ocampo. I would rather die than marry that man!" Lumuluha na siya nang matapos sa pagpapaliwanag.

"Walter De Ocampo? 'Yong addict na anak ng druglord na si Joselito De Ocampo?"

Nanghihinang tumango si Naomi.

Sa pagkakatanda ni Jared ay apat na beses nang nakasuhan ng rape si Walter De Ocampo. Naabsuwelto lamang ito sa mga iyon dahil pumayag na paareglo ang mga biktima.

“For Pete’s sake, sino’ng matinong magulang ang kakaladkad sa sariling anak sa tiyak na kapahamakan?”

“You may not want to believe me, Jared, pero...”

“Totoo bang wala kang boyfriend, Naomi?” putol nito sa sasabihin niya. Tumango siya. “Wala ding asawa?”

Muli ay tumango ang dalaga. Ngayon ay nakakunot na ang noo niya.

“Then, I’m marrying you, Naomi.”

Nanlaki ang ulo niya sa narinig.

“Jared, hindi mo alam ang sinasabi mo. Are you telling me you have suicidal tendencies? My father will never forgive you for coming to my rescue. Alalahanin mong may isang batang umaasa sa ’yo. Isipin mo si Jerry!”

“I said I’m marrying you!” mariin nitong sabi,

parang walang narinig.

“Bakit?” Lumalim ang kunot sa noo niya.

“Dahil...”

Nanginginig ang mga kalamnang hinintay ni Naomi ang sagot nito. Isang bahagi ng puso niya ay umaasang sabihin nitong may pag-ibig ito sa kanya. Pero imposible ang iniisip niya. Wala pa yatang twenty-four hours mula nang makilala niya ito!

“Dahil iyon lang ang tanging paraan para makawala ka sa buwayang ama mo! Kapag nakasal ka sa akin ay hindi ka na maaaring pilitin ng daddy mong magpakasal sa kahit na kaninong sanggano.”

“You don’t know what you’re saying, Jared. You don’t even know me para isuong sa panganib ang buhay mo. Stop this nonsense and listen to me!”

“Go back to your room. Hindi ka aalis ng pamamahay ko.” Iniwan siya ng lalaki sa sala. Lihim niyang nahiling na sana ay hindi ito nagkamali sa pagtulong sa kanya. Because heaven help her, buong puso niyang tinatanggap ang proposal nito.

He must be insane para makialam sa gulo ng babaeng ilang oras pa lamang niyang nakakasama.

Dating kasosyo ng kanyang ama sa negosyo si Don Teodoro Pascual. Nang matuklasan ni Gerardo San Diego ang illegal drug transactions sa mga barko nito ay binalak nitong ipaalam iyon sa mga awtoridad. Pero madaling nakaabot iyon sa kaalaman ng don at kaagad itong kumilos upang ipapatay ang kanyang ama.

Inilihim niya ang katotohanang iyon sa kanilang pamilya. Ang paniwala ng kanyang ina at nag-iisang kapatid ay ordinaryong hold-up with homicide ang kaso ng pagpaslang sa kanyang ama. Malapit na kaibigan niya ang pangunahing imbestigador ngunit dahil walang sapat na katibayan at testigo ay nakabinbin pa rin ang kaso.

Sa tindi ng galit niya kay Teodoro Pascual, nagtataka si Jared kung bakit nais niyang paniwalaan ang isang bahagi ng kanyang pagkatao na nagsasabing malinis ang budhi ni Naomi.

Hinding-hindi siya makapapayag na ipahamak ito ng sarili nitong ama. Gagawin niya ang lahat ng makakaya upang maprotektahan ito.

Siguro nga ay nasisiraan na siya para alukin si Naomi ng kasal. Malaki ang paniniwala niya na hindi nagkataon lang ang naging pagtatagpo nila ng dalaga. Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya

sigurado kung bakit naisipan niyang dalawin ang ina at kapatid kaninang madaling-araw. Maaaring itinadhana siyang mapagawi sa lugar na iyon nang oras na iyon upang makilala at maging mahalagang bahagi ng buhay niya si Naomi.

Habang nagbibihis ay tinawagan niya ang kaibigan niya sa *NBI*.

“Alex, natatandaan mo ba ’yong nabanggit mo sa akin tungkol sa drug trafficking case ng mga De Ocampo?”

“Yeah, bakit?” anang nasa kabilang linya.

“Ang sabi mo, malakas ang hinala mo na konektado sa kanila si Don Teodoro Pascual, hindi ba?”

“Oo, bakit nga?”

“Sinabi mo rin na nang imbestigahan si Don Teodoro ay matigas ang tanggi niyang kilala niya ang mga De Ocampo, right?”

“Jared, ano ba talaga ang gusto mong sabihin? Tumbukin mo na nga at nagmamadali ako!”

“Magkita na lang tayo. Kailangan ko ng proteksyon, kasama ko ngayon ang kaisa-isang anak ni Don Teodoro Pascual.”

“Ha? Bakit?”

“Mamaya na natin pag-usapan.” Sinabi niya rito ang lugar kung saan sila magkikita pagkatapos ay nagpaalam na sa kausap.

Ipinahatid niya sa driver si Jerry at ang yaya nitong si Mayang sa bahay ng kanyang ina. Regular namang bumibisita roon ang bata kaya hindi iyon ipagtataka ng mama niya.

Gamit ang isa pang sasakyan, nagtungo sila ni Naomi sa tagpuan nila ng kaibigang si Alex.

Naghihintay na ang lalaki nang dumating sila. Nakaupo ito sa mesa sa isang sulok ng café. Anim na buwan na mula nang huli silang magkita. Ito ang humawak ng kaso ng kanyang ama may limang taon na ang nakakaraan.

“You’re late,” hindi ngumingiting sita ni Alex sa kanila.

“Sorry, pare. By the way, Naomi, this is Alex Trinidad. Alex, meet Naomi Pascual, ang unica hija ni Don Teodoro. *NBI* agent siya, Naomi,” aniya.

Nagkamay ang dalawa.

“So, what is this all about?” baling ni Alex sa kanya.

Huminga nang malalim si Jared. “Magpapakasal kami ni Naomi.”

Nakita niyang bumuka ang bibig ni Naomi pero walang lumabas na salita roon. Tumaas ang kilay ni Alex sa narinig.

“Ano’ng problema? I don’t think Don Teodoro would give his consent kahit hingin n’yo iyon.”

“Damn right, he isn’t. Dahil gusto niyang ipakasal si Naomi kay Walter De Ocampo!” maigting na sagot ni Jared.

Napamura nang mahina si Alex sa narinig. “Gaano katagal nang kakilala ng ama mo ang mga De Ocampo?” tanong nito kay Naomi.

Hindi agad nakasagot si Naomi. Tumingin ito sa kanya na wari ay nagpapasaklolo.

“It’s okay. Mapagkakatiwalaan si Alex,” bulong niya upang payapain ang kalooban ng dalaga.

“Matagal na. Maliit pa lang ako ay parati ko nang nakikitang dumadalaw sa bahay si Mr. De Ocampo,” tugon ng dalaga.

Ikinuyom ni Alex ang kamao. Anim na buwan pa lamang mula nang pumutok ang drug scandal laban kay Joselito De Ocampo.

The Way I Love You - Maricel Rivera

“Kailangan kong malaman kung paano napunta sa pangangalaga mo si Miss Pascual.”